# PAGPAPATIRAPA NG PAGKALIMOT

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang aralin ay magpapaliwanag kung ano ang gagawin sa iba't ibang sitwasyon kapag nakagawa ng (mga) pagkakamali sa salah.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Gawaing Pagsamba › Mga Panalangin

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2016 NewMuslims.com)

**Nai-publish sa:** 02 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Kinakailangan

Pagdarasal - Advanced

Mga Layunin

·Upang malaman ang kahulugan ng '*sajdah as-sahw*'.

·Upang pahalagahan ang mga okasyon kapag ito ay tapos na.

·Upang malaman kung ano ang gagawin kung ang *rukn*, *wajib*, o ang inirerekumendang gawa sa *salah* ay nakaligtaan.

·Upang malaman ang dalawang pamamaraan ng pagsasagawa ng *sajdah as-sahw.*

·Upang maunawaan ang ilang karaniwang mga halimbawa kung kailan magsasagawa ng *sajdah as-sahw*.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Imam* - isang taong pinangungunahan ang panalangin.

·*Rakah* - yunit ng panalangin.

·*Rukn* - (pangmaramihan: *arkan*) mahalagang bahagi; isang haligi na kung wala ito aumang bagay ay hindi maaaring tumayo.

·*Sajdah* - pagpapatirapa.

·*Sajdah as-sahw* - pagpapatirapa ng pagkalimot.

·*Salah* - ay salitang Arabe na tumutukoy sa direktang koneksyon sa pagitan ng isang mananampalataya at ng Allah. Higit pa rito, sa Islam ito ay tumutukoy sa limang pang araw-araw na pormal na pagdarasal na siyang pinakamahalagang uri ng pagsamba.

·*Takbiratul-Ihram – pagsasabi ng 'Allahu Akbar' bilang pagsisimula ng panalangin.*

·*Tashahhud* - ang pagsasabi ng "*At-tahiy-yatu lil-lahi…. Muhammadan 'abduhu wa rasuluh*." kapag nakaupo habang nananalangin.

·*Tasleem* - Ang pagbati ng kapayapaan sa pagtatapos ng panalangin.

·*Wajib* - (plural: *wajibaat*) kinakailangan.

## Kahulugan

Ang salitang Arabe para sa pagpapatirapa ay '*sajdah.'* Ito ay nangangahulugang paglalagay ng ulo, mga kamay, tuhod at daliri sa paa ng isang tao sa lupa. Ang dalawang *sajdahs* na isinagawa sa pagtatapos ng *salah* upang bumawi sa mga pangunahing pagkakamali ay tinatawag na 'pagpapatirapa ng pagkalimot' o *sajdah as-sahw* sa Arabik.



## Kahalagahan

Tayong mga tao ay likas na makakalimutin at mas lalong nakakalimot kapag tayo ay nagdarasal sa Allah. Ang Lumikha sa atin ay nababatid ang katotohanang ito kung kaya't ginawa niyang ang Kanyang Propeta, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah, ay makalimot sa ilang mga pagkakataon habang nagdarasal. Sa paraang ito naipakita ng Propeta kung paano itama ang ating mga pagkakamali sa pagdarasal. Ang pagtatama sa mga pagkakamali ay isang dakilang habag mula sa Allah dahil maaari naman Niyang ipaulit sa atin ang pagdarasal sa bawat pagkakamali, ngunit Hindi niya ginawa.

## Kailan kinakailangan ang Pagpapatirapa ng Pagkalimot?

Mayroong dalawang pagkakataon kung kailan ito kinakailangan:

I.Kapag ikaw ay nakadagdag o nakabawas ng mga gawain sa *salah*.

Mga halimbawa ng pagdadagdag:

Ikaw ay nagdasal ng 5 *rakah* sa halip na 4.

Ikaw ay nakagawa ng tatlong pagpapatirapa sa halip na dalawa.

Ikaw ay nakagawa ng *tashahhud* sa hulihan ng unang *rakah.*

Halimbawa ng pagbabawas:

Nakapagdasal ka ng 3 *rakah* sa halip na 4.

Ikaw ay nagdasal ng isang *sajdah* sa halip na dalawa.

Ikaw ay tumayo sa ikatlong *rakah* na hindi naisagawa ang unang *tashahhud.*

II. Kapag nakalimutan mo ang bilang ng *rakah* at kapag nag-aalinlangan, (halimbawa) kung nakapagdasal ng tatlo o apat na *rakah*.

## Nakaligtaan ang isang *Rukn* (Mahalagang Bahagi o Haligi ng *Salah*)

Kung iniwan mo ang *Takbiratul-Ihram*, kung gayon ay wala kang nagawang panalangin, iniwan mo man ito nang sinadya o dahil sa pagkalimot, dahil hindi mo nasimulan ang iyong pagdarasal.

Kung iniwan mo ang isang *rukn* maliban sa *Takbiratul-Ihram* na sadya, ang iyong *salah* ay hindi tanggap.

Kung naiwan mo ang isang *rukn* dahil sa pagkalimot at umabot sa susunod na *rakah*, kung gayon ang *rakah* na iyong naiwan *rukn* ay walang bisa at ang susunod na *rakah* ang kahalili nito.

Kung hindi mo naman naabot ang susunod na *rakah*, kailangan mong bumalik sa *rukn* na iyong naiwan at gawin ito at pasundan ito ng kung ano ang susunod ayon sa pamamaraan ng *salah*.

Sa kapwa parehong sitwasyon sa itaas, dapat kang magsagawa ng “pagpapatirapa ng pagkalimot”.

## Kapag Nakaligtaan ang isang *Wajib* (Kinakailangang gawain sa *salah*)

Kung may nakaligtaan kang isang *wajib* na hindi sinasadya, katulad ng unang *tashahhud* o maging pagpapatirapa, kailangan mo lamang gawin ang *sajdah as-sahw* sa pagtatapos ng panalangin. Gayunpaman, kung ito ay sinadyang iwan, kung gayun ang pagdarasal ay walang bisa.

## Pagkalimot sa isang Inirekomendang gawa sa Panalangin

Hindi mo kailangang isagawa ang “pagpapatirapa ng pagkalimot” kung nakalimutan mong isagawa ang isa sa inirekumendang mga gawa ng panalangin.

## Pamamaraan ng *Sajdah as-sahw*

Mayroon kang pagpipilian sa pagitan ng dalawang mga paraan ng paggawa nito:

1. Agaran **bago** ang *tasleem* sa pagtatapos ng *salah.*

Bago tapusin ang panalangin sa pamamagitan ng *tasleem*, sabihin mo ang *Allahu Akbar*, at gawin ang unang pagpapatirapa.

Habang nakapatirapa ay sabihin, *Subha-na Rabbi al-A'la ng tatlong beses*. At pagkatapos ay sabihin *Allahu Akbar* at bumalik sa pag-upo.

Pagkatapos ay sabihin ang *Allahu Akbar* muli at magpatirapa sa ikalawang pagkakataon at sabihin ang katulad na mga salita na ginawa mo sa unang pagpapatirapa.

Pagkatapos ay sabihin mong muli ang *Allahu Akbar* sa huling pagkakataon, bumalik sa pag-upo, at ibaling ang ulo sa kanan at sa kaliwa, na sinasabi ang "*As-Salamu 'Alaikum wa-Rahmatullah*" sa bawat pagbaling.

2. Isagawa ito **pagkatapos** ng *tasleem.*

Isa pang paraan ay ipagpatuloy ang iyong *salah* at tapusin ito sa pamamagitan ng *tasleem* gaya ng normal mong ginagawa.

Pagkatapos mong sabihin ang *Allahu Akbar* at magpatirapa para sa iyong unang pagpapatirapa, at sabihin ang *Subha-na Rabbi al-A'la* ng tatlong beses. Pagkatapos ay sabihin mo ang *Allahu Akbar* at bumalik sa pag-upo.

Pagkatapos ay sabihin ang *Allahu Akbar* muli at gawin ang iyong pangalawang pagpapatirapa at sabihin ang *Subha-na Rabbi al-A'la* ng tatlong beses.

Panghuli, sabihin mo ang *Allahu Akbar* sa huling pagkakataon at bumalik sa pag-upo, at pagkatapos ay ibaling ang iyong mukha sa kanan na sinasabi "*As-Salamu 'Alaikum wa-Rahmatullah*."

## Karagdagang mga Puna/mga Halimbawa

1. Kung napagtanto mo bago ka mag-*tasleem* na may naidagdag ka na anuman sa *salah*, halimbawa ay karagdagang *rakah*, maaari mong gawin ang *sajdah as-sahw* bago o pagkatapos ng *tasleem*.

2. Kung hindi ka naman nakapagdasal ng isa o higit pang *rakah*, dapat kang tumayo at kumpletuhin ito, bago matapos ang pagdarasal ay gawin mo ang *sajdah as-sahw*.

3. kung nakalimutan mong isagawa ang *sajdah as-sahw*, ngunit naalala ito agad pagkatapos, kung gayon ay gawin mo ito agad matapos maalala. Gayunpaman, kung lumipas na ang oras, wala kang dapat na gawin na anuman at ang iyong pagdarasal ay nananatiling tanggap.

4. Kapag ang *Imam* ay nagsagawa ng *sajdah as-sahw*, lahat ng nasalikod niya ay dapat gawin ito,kahit na walang sinuman ang nagkamali.

5. Kung ikaw ay nagkamali sa likod ng *Imam*, hindi mo kailangang magsagawa ng *sajdah as-sahw* dahil ang Propeta ay nagsabi, “Katotohanan, ang *Imam* ay dapat sundin.”[1]

6. Ano ang gagawin mo kung hindi ka sigurado kung ilan ang *rakah* na iyong naisagawa? Magpatuloy ka at isagawa ang bilang na nakatitiyak ka. Halimbawa, sa apat na *rakah* na pagdarasal, iniisip mo na naisagawa mo lamang ay tatlong *rakah*, kung gayon ay dagdagan mo ng isa at gawin ang *sajdah as-sahw*. Kung sa tingin mo naman ay nagdasal ka ng apat na *rakah*, ang dapat mong gawin ay isagawa ang *sajdah as-sahw* sa huli. Kung hindi mo magawang magpasya kung alin sa dalawa ang mas malamang, maaaring ito ay tatlo o apat na *rakah*, magpatuloy ka at piliin ang mas mababang bilang, i.e. tatlong *rakah*. Magdasal ka ng panibagong *rakah* at pagkatapos ay gawin ang *sajdah as-sahw*.

---

Talababa:

[1] *Saheeh Al-Bukhari*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/335/pagpapatirapa-ng-pagkalimot

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.